Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB-MLE 3
## Quarter 4 Week 1-2

**Mga Bumuo ng Modyul**

**Manunulat:** **GLORIA P. RAYOS**
**Mga Tagasuri ng Nilalaman:** **RHODELLA V. RAMIREZ**
**ELMER D. ORDANIEL**
**JOSENIA S. ARIAGA MT – I** Parañaque
**VICTORIA S. ROSETE MT–II** Parañaque
**Tagasuri ng Wika:** **RHODELLA V. RAMIREZ**
**ELMER D. ORDANIEL**
**JOSENIA S. ARIAGA MT – I** Parañaque
**VICTORIA S. ROSETE MT** – II Parañaque
Tagapamahala:
**MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**MARGARITO B. MATERUM**, Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS**, CLMD Chief
**GEORGE O. TIZON**, SGOD Chief
**ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MARICAR D. AGAO,** Regional EPS, MTB
**JENNIFER RAMA,** Division EPS- Filipino/MTB
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian

**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

# ARALIN 1 Dalwang Antas na Balangkas

## Inaasahan

Inaasahang sa modyul na ito na ikaw ay nakagagawa ng dalawang antas na balangkas sa pag-uulat o batay sa karanasan **MT3LC-IIIh-4.6**

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Piliin ang pangungusap na nagsasaad ng pangunahing diwa at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Agad akong tumayo, sa likod-bahay tumuloy
   At doon ang trabaho'y agad na itinuloy
   Tulad ng isang kalabaw na walang kapaguran
   At hindi isang pagong na may kakuparan.

   **Pangunahing Diwa:**

   A. Inaalagaan ang mga pananim.
   B. Inaalagaan ng tagapagsalita ang kalabaw.
   C. Nagtatrabaho nang mabuti ang tagapagsalita sa kanyang hardin.

2. Gusto ko ng pumasok sa paaralan, nakakainip na kase na manatili sa bahay para *mag-online class*, salamat at may bakuna ng inilalabas para tayo ay maging ligtas.

   **Pangunahing Diwa:**

   A. Mag-*online class*
   B. May bakuna na
   C. Kagustuhang pumasok sa paaralan.

3. Masarap gunitain ang Piyesta ni Santa Ana sa Taguig, may mga pahagis ng pagkain sa mga sumasama sa prusisyon bilang pasasalamat kay Poong Ana.



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

**Pangunahing Diwa:**

A. Pahagis na pagkain
B. Sumasama sa prusisyon
C. Piyesta ni Poong Santa Ana

4. Para makaiwas sa sakit ng *CoViD -19*, kailangang maging malinis sa ating pangangatawan at gayundin sa paligid. Manatili sa loob ng bahay at sundin ang mga ipinag-uutos ng mga kinauukulan.

**Pangunahing Diwa:**

A. Manatili sa loob ng bahay.
B. Maging malinis sa ating pangangatawan.
C. Paraan para makaiwas sa sakit ng *CoViD -19*

5. Dahil sa pagdami ng mga kaso ng nahahawahan ng *CoViD- 19* napagkasunduan ng mga *Mayor* sa NCR na magpatupad ng panglahatang *curfew* mula ika – sampu ng gabi hanggang ika – lima ng umaga.

**Pangunahing Diwa:**

A. Dumaraming kaso ng *CoViD-19*
B. Pagpapatupad ng panglahatang *curfew* sa NCR.
C. *Curfew* mula ika – sampu ng gabi hanggang ika – lima ng umaga.

## Balik-tanaw

**Panuto**: Basahin ang talata at piliin ang letra ng tamang sagot.

Halos isang taon na ang nakaraan magsimula ng *lockdown* sa aming lugar. Simula nun hindi na pinapayagang lumabas ang mga batang tulad ko. Sumusunod kami sa mga *protocols* tulad ng *social distancing*, pagsusuot ng *face mask* at *face shield*, paghuhugas ng kamay, pagiging malinis sa loob at labas ng aming tahanan. Pero pumunta pa rin ako sa kaarawan ng aking kaibigan.

1. Alin ang susing pangungusap?
   A. Pagiging malinis.



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

B. *Social distancing*.
C. Karanasan simula ng *lockdown*.
D. Pagsuot ng *face mask* at *face shield*.

2. Aling pangungusap ang **Hindi** sumusuporta sa pangunahing diwa?
   A. *Social distancing*
   B. Karanasan simula ng *lockdown*
   C. Pagsuot ng *face mask* at *face shield*.
   D. Pumunta pa rin ako sa kaarawan ng aking kaibigan.

3. Ano ang kaisipang diwa ng talata?
   A. Paghuhugas ng kamay.
   B. Karanasan simula ng *lockdown*.
   C. Pagsusuot ng *face mask* at *face shield*.
   D. Pagiging malinis sa loob at labas ng bahay.

4. Gustong malaman ni Adi ang sumulat, tagapagguhit, at naglimbag ng aklat, aling bahagi ng aklat ang kaniyang titingnan?
   A. Glosari
   B. Indeks o indise
   C. Pabalat ng aklat
   D. Talaan ng nilalaman

5. Pag-aralan ang pangkat ng mga salita sa ibaba. Alin sa mga ito ang halimbawa ng payak na pangungusap?
   a. Tumutulong ang mga bata sa kanilang nanay habang si tatay ay naglilinis ng bakuran.
   b. Tatlong makukulay na paru-paro ang nasa isang magandang hardin.
   c. Pumunta si Jeff sa Maynila at dinalaw niya ang kaniyang asawang si Annette.
   d. Umiyak si Jael dahil nawala ang kaniyang *computer* sa paaralan.



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

# Maikling Pagpapakilala ng Aralin

## Konsepto

Ang **balangkas** ay ang pinakakalansay ng kuwento o talata. Ang dalawang antas na balankas ay may pangunahing diwa at ang detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa gaya ng ipinapakita sa baba:

I. ________________________________________

A. ________________________________________

B.

II. ________________________________________

A. ________________________________________

B. ________________________________________

Ang Roman Numeral ang ginagamit sa pagsusulat ng pangunahing diwa o aral na maaaring isulat ng maikli. At ang detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa ay nakasulat

Ang tubig ay isang importanteng bagay sa mundo. Ang mga tao at hayop ay nangangailangan ng tubig upang mabuhay. Maging ang halaman ay nangangailangan ng tubig upang lumaki. Kailangan rin natin ng tubig sa paglilinis ng ating katawan. Ginagamit din natin ito sa paglilinis ng maraming bagay. Hindi tayo makapagluluto ng ating pagkain kung walang tubig. Kung kaya't kailangan natin itong pahalagahan.

I. Nangangailangan ng tubig

A. __________________________ C. __________________________

B. Hayop



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

II. Kahalagahan ng tubig

A. Panlinis sa ating katawan
B. ____________________________
C. ____________________________

## Gawain 1

**Panuto**: Basahin ang teksto. Punan ang balangkas. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Mahalaga ang paghuhugas ng kamay lalo na sa panahon ngayon ng pandemya. Maiiwasan ang pagkalat ng mikrobyo at paghahawahan ng sakit na *CoViD-19.* Nakatutulong ka pa sa iba upang hindi magkasakit, dahil sa paghahawak ng mga bagay. Napupuksa ang mikrobyo sa ganitong paraan. Gumamit ng sabon at malinis na tubig. Kailangang kumanta ng "*Happy Birthday*" nang dalawang ulit habang nagsasabon para masigurong malinis ang paggawa nito. At patuyuin ng malinis na tuwalya.

I. Kahalagahan ng paghuhugas ng kamay
A. Maiiwasan ang sakit
B. ______________________________________
C. ______________________________________

II. Paraan sa paghuhugas ng kamay

A. Kumanta ng "*Happy Birthday*" nang dalawang ulit.
B. ______________________________________
C. ______________________________________



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

## Gawain 2

**Panuto**: Basahin at kumpletuhin ang balangkas ng talata.

Sa panahon ngayon, nararapat lamang na magpatupad ang mga kinauukulan ng mahigpit na pagpapairal ng panglahatang *curfew* mula ika – sampu ng gabi hanggang ika – lima ng umaga upang makontrol ang pagkalat ng *CoViD - 19*. Pag-iwas lumabas ng bahay at mga kailangan lamang ang papayagang lumabas. Pagsusuot ng *face mask* at *face shield*. Sa ganitong gawain maiiwasan ang pagkalat ng bagong uri ng sakit nito. Mababawasan ang gastusin kung sakaling magkasakit. At higit sa lahat makababalik na tayo sa normal na mga gawain.

Suriin ang sumusunod na balangkas at isulat ang sagot sa kuwarderno.

I. Pagpapatupad ng batas tungkol sa pagkontrol ng pagkalat ng *CoViD -19*.
   A. Pangkalahatang *Curfew*
   B. ___________________________________________
   C. ___________________________________________

II. Kabutihang dulot ng masusing pagsunod sa batas
   A. Maiiwasan ang pagkalat ng sakit na *CoViD -19*.
   B. ___________________________________________
   C. ___________________________________________

## Gawain 3

**Panuto**: Bumuo ng dalawang puntong balangkas mula sa talata sa ibaba.

**Ang Aking Kaarawan**

Ito ang pinakamahalagang araw na pinakahihintay ko. Pinaghahanda ako ng aking mga magulang bilang pasasalamat na isinilang ako sa mundong ibabaw. Siyempre, kailangang manalangin at magpasalamat para sa biyaya ng buhay.



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

Upang maisagawa ang selebrasyong ito, gumigising ako nang maaga upang malinis ang aming bahay habang si nanay ay namimili. Tumutulong din ako sa paghahanda sa mga kaya kong gawain gaya ng pagsasaayos ng mga gagamiting plato, kutsara at baso.

I. Kahalagahan ng kaarawan
   A. Pagpapasalamat
   B. ___________________________
   C. ___________________________
II. Gawain sa kaarawan
   A. Gumigising ng maaga.
   B. ___________________________
   C. ___________________________

## Tandaan

Ang **balangkas** ay ang buod ng talata. Ang pangunahing diwa o paksang talata ay maaaring isulat nang maikli at sa paraang gumagamit ng panandang *Roman Numeral*. Ang detalye na sumusuporta sa pangunahing diwa ay maaaring nakasulat ng maikli at may marka ng malalaking letra

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto**: Gumawa ng dalawang bahaging balangkas para sa seleksyon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang mga bumbero ay malaking tulong sa ating pamayanan. Kapag may sunog sa ating pamayanan sila ay handang tumulong upang tayo ay iligtas. Sa pamamagitan ng iba't ibang kagamitan madali nilang naaapula ang apoy. Sila rin ang nagligtas sa mga taong nakukulong sa mga nasusunog na gusali. Minsan, sila rin ang tumutulong upang ilikas ang mga taong nagiging biktima ng pagbaha at bagyo.

Ang mga bumbero ay may mga di-karaniwang katangian upang magampanan nang buong husay ang kanilang tungkulin. Sila ay kinakailangang aktibo, matapang, may malasakit sa



(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)

kapwa, may alertong isipan, at magandang disposisyon sa buhay. Ang mga ito ay kinakailangan lalo na sa oras na may ililigtas sa kapahamakan.

I. Tulong ng mga bumbero sa ating pamayanan

A. ______________________________

B. ______________________________

II. Katangian ng mga bumbero

A. ______________________________

B. ______________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang talata. Gumawa ng dalawang bahaging balangkas sa iyong kuwaderno.

**Ang mga Produkto ng Taguig**

Kilala ang ating Lungsod ng Taguig sa mga iba't ibang produkto. Dahil malapit sa Laguna de Bay naisipan ng mga namumuno na gawing isa sa mga produkto nito ang *water lily* na maaring gawing basket, bag at marami pang iba. Ang Tipas Hopia na nakakarating sa iba't-ibang panig ng bansa.

Maraming naitutulong ang mga produktong ito sa mga mamamayan ng Taguig. Bukod sa nakikilala na sila sa buong NCR, nabibigyan pa ng trabaho ang mga mamamayan at kita ang lungsod.

I. Mga produkto ng Taguig

A. ______________ B. ______________

II. Mga kapakinabangan ng mga produkto

A.______________. B. ______________



**(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

# Sanggunian

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 4: Linggo: 1 Competency Code: MT3C-IVa-i-2.7

- Mother Tongue – Based Multilingual Education 3 (kagamitan ng mag-aaral pahina 57, 82;297 - 315)
- Sangguniang Pangguro MTB – MLE3
- MTB-MLE Quarter 4 LA

# Susi sa Pagwawasto

**UNANG PAGSUBOK**
C
C faceshield
B
C
B

**BALIK TANAW**
C
D
B
C
B

**MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN**
I. A. Tao
B. matapang
II. B. Paglilinis ng maraming bagay
C. Pagluluto

**GAWAIN I**
I. B. Nakatutulong sa iba
C. Napupuksa ang mikrobyo
II. B. Gumagamit ng sabon at malinis na tubig
C. Patuyuin ng malinis na tuwalya

**GAWAIN 2**
I. B. Pag-iwas lumabas ng bahay
C. Pagsusuot ng facemask at
II. B. Mababawasan ang gastusin
C. Makakabalik na tayo sa normal

**GAWAIN 3**
I. B. Pagsisimba
C. Paghahanda ng pagkain
II. B. Namimili ng pagkain
C. Tumutulong sa paghahanda

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**
I. A. Tumutulong upang iligtas
B. Inaapula ang apoy
II. A. Aktibo C. Halaman

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**
I. A. Waterlily
B. Hopia
II. A. Tulong sa mga mamamayan
B. Trabaho ang mga mamamayan.



(Pag-aari ng pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)